Republic of the Philippines
**Department of Education**
Region IV-A CALABARZON
Division of Laguna
District of San Pedro
San Pedro Central School
SUMMATIVE TEST Q2 W7-W8
FILIPINO-Five

**Name:** ____________________________________________
**Teacher:** __________________________________________

Isulat ang titik ng tamang kahulugan mula sa hanay B ng bawat salita sa Hanay A.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. lambat | A. pagiging marumi ng kapaligiran |
| 2. magsarili | B. nahaharap sa pinsala o kapahamakan |
| 3. baybayin | C. sukat ng haba ng katumbas ng 12 pulgada |
| 4. nanganganib | D. kasangkapan mula sa nilalang sinulid o lubid na ginagamit sa pangingisda |
| 5. polusyon | E. magawa ang mga bagay nang walang tulong mula sa iba |
| 6. talampakan | F. anomang damo o halamang tumutubo sa dagat o sa mga batong nararating ng tubig-dagat |
| 7. damong-dagat | G. lupa sa gilid ng dagat |

LIVEWORKSHEETS

Basahin at sagutin ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit naisipan ng ama na ipagawa sa anak ang paglalagay ng mga pako sa pader?
   A. Gusto niya itong parusahan.
   B. Gusto niya itong turuan ng leksiyon.
   C. Malapit nang masira ang kanilang pader.
   D. Upang malaman kung matibay ang pader.
2. Ano ang nagagawa ng bata kapag nagagalit siya?
   A. Nasisira niya ang kanilang bahay.
   B. Nakikipagsuntukan siya sa kaniyang mga kaklase.
   C. Hindi niya kinikibo ang kaniyang mga kaibigan at kaklase.
   D. Nakapagsasalita siya ng masasakit sa kaniyang mga kaibigan.
3. Bakit nabawasan ang bilang ng pako na nadadagdag sa pader araw-araw?
   A. Naubos na ang mga pako ng bata.
   B. Tinamad ang bata at hindi na sinunod ang utos ng kaniyang ama.
   C. Nahihirapan na ang bata sa pagpukpok ng pako sa pader.
   D.Natuklasan ng bata na mas madaling maging mahinahon kaysa magalit.
4. Ano ang nangyari nang matanggal na ang lahat ng pako mula sa pader?
   A. Muling naging makinis ang pader.
   B. Nagkaroon ng maliliit na butas ang pader.
   C. Pininturahan muli ang nabutas na pader.
   D. Gumuho ang pader at kinailangang ayusin muli.
5. Ano kaya ang mangyayari kapag may nagawa ulit na mali ang kaibigan ng bata?
   A. Pagagalitan niya ito at pagsasalitaan ng masasakit.
   B. Mahinahon niyang sasabihin kung bakit mali ang ginawa ng kaibigan.
   C. Maglalagay muli ang bata ng napakaraming pako sa kanilang pader sa bahay.
   D. Kakausapin niya nang masinsinan ang kaibigan para hindi siya gumawa ng pagkakamali.

LIVEWORKSHEETS

II. (8 puntos) Sumulat ng mga naobserbahan mo sa iyong kapaligiran ngayong may pandemya.

_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________
_______________________

LIVEWORKSHEETS